

Abiso ng Karagdagang Aksiyon **Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (TNC)** **(Pangasiwaan ng Social Security (SSA))**

For SSA Field Office Staff: use EV-STAR and see POMS RM 10245.005ff

Apelyido, Pangalan ng Empleyado	Numero ng Social Security ng Empleyado
A-Number ng Empleyado	Buwan/Taon ng Kapanganakan ng Empleyado
Petsa ng Pansamantalang Hindi Pagkumpirma	Numero ng Beripikasyon ng Kaso
Dahilan para sa Abisong ito:	

Ang iyong employer, [PANGALAN NG EMPLOYER], ay sumasali sa E-Verify. Kinukumpara ng E-Verify ang impormasyon na iyong ibinigay sa iyong Form I-9 (Employment Eligibility Verification) sa mga rekord ng Pangasiwaan ng Social Security (SSA) at Department of Homeland Security (DHS) upang kumpirmahin na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos.

Bakit mo natanggap ang abisong ito:

Natanggap mo itong Abiso ng Karagdagang Aksiyon mula sa [PANGALAN NG EMPLOYER] dahil lumilitaw na hindi tumutugma ang ilang impormasyon na ipinasok ng iyong employer sa E-Verify sa mga rekord na kasalukuyang mayroon ang DHS para sa iyo. Hindi ito nangangahulugan na nagbigay ka ng maling impormasyon sa iyong employer, o na hindi ka awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos. May ilang dahilan kung bakit maaaring hindi tumugma ang iyong impormasyon – mababasa mo ang tungkol sa mga kadahilanang ito online (<https://www.uscis.gov/e-verify/employees/tentative-nonconfirmation-overview>).

Susunod, kakailanganin mong gumawa ng ilang hakbang bago payagan ng E-Verify ang iyong employer na malaman na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos.

Ano ang kailangan mong gawin:

1. **Repasuhin ang iyong impormasyon sa itaas ng pahinang ito.** Hayaan ang [PANGALAN NG EMPLOYER] na malaman kung may anumang error. Maisasara ng iyong employer ang kasong ito at muling mai-input ang iyong impormasyon sa E-Verify ng tamang impormasyon, na sana ay malulutas ang kasong ito. Kung tama ang impormasyon, pumunta sa step 2.
2. **Magdesisyon kung nais mong gumawa ng aksiyon para malutas ang kasong ito.** Kung tama ang impormasyon mo sa itaas, maaari mong piliing gumawa ng aksiyon para itama ang iyong rekord upang ipakita ng mga rekord ng DHS na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos.

Kung magdesisyon ka na hindi gumawa ng aksiyon para malutas ang kasong ito, hindi magagawang kumpirmahin ng E-Verify na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos at maaaring tapusin ng iyong employer ang iyong pagtatrabaho.

Para sa impormasyon sa mga karapatan at responsibilidad ng empleyado, bumisita sa www.uscis.gov/e-verify/employees/employee-rights-and-responsibilities.

Paggawa ng aksiyon upang malutas ang isang kaso:

Mayroon kang **8 araw ng trabaho ng Gobyernong Pederal** upang bumisita sa isang opisina ng SSA mula sa petsa na ipinadala ng iyong employer ang iyong kaso sa E-Verify. Dapat kang bigyan ng iyong employer ng Kumpirmasyon ng Petsa ng Rekomendasyon, na magsasabi sa iyo ng petsa kung kailan ka dapat bumisita sa SSA.

Bumisita sa SSA Field Office:

Upang gumawa ng aksiyon para simulang malutas ang kasong ito, dapat kang bumisita sa isang opisina ng SSA para i-update ang iyong impormasyon. Kung nakatira ka sa isang lugar na kung saan ay may isang SSA Card Center, **kinakailangan** mong bumisita sa Card Center. Upang matagpuan ang isang opisina ng SSA, bumisita sa www.socialsecurity.gov/locator, o tawagan ang SSA sa 800-772-1213 (TTY: 800-325-0778).

Dalhin itong Abiso ng Karagdagang Aksiyon kapag bumisita ka sa SSA. Sabihin sa SSA na mayroon kang isang problema sa E-Verify.

Hindi maia-update ng SSA ang iyong rekord nang walang katibayan na kailangan ang isang pagbabago. Nasa ibaba ang mga halimbawa ng mga dokumento na maaari mong kailanganin upang patunayan ang iyong edad, pagpapalit ng pangalan, at katayuan ng citizenship. Magdala ng mga orihinal na dokumento, **hindi** mga photocopy:

- Katibayan ng iyong edad: isang sertipiko ng kapanganakan o pasaporte
- Katibayan ng iyong pagkakakilanlan: isang lisensiya sa pagmamaneho o pasaporte
- Katibayan ng pagpapalit ng legal na pangalan: isang sertipiko ng kasal, kung ang kasalukuyan mong pangalan ay wala sa iyong SSN card
- Katibayan ng U.S. citizenship o katayuan ng pagka-awtorisado sa trabaho:
 - Kung isang U.S. citizen – isang Naturalization Certificate, pampublikong sertipiko ng kapanganakan sa U.S., o pasaporte ng U.S., o
 - Kung hindi ka isang U.S. citizen – isang Permanent Resident Card (Form I-551), Dokumentong Awtorisasyon sa Pagtatrabaho (Form I-766), o Rekord ng Pagdating-Pag-alis (Form I-94) na nagpapakita ng katayuan ng pagka-awtorisado sa trabaho.

Upang matingnan ang katayuan ng iyong kaso, bumisita sa myE-Verify sa <https://selfcheck.uscis.gov/SelfCheckUI/CaseTracker>

Pakitukoy sa ibaba kung layon mo o hindi na tutulan ang kasong ito.

Pinipili kong: (i-tsek ang isa)	
<input type="checkbox"/>	Gagawa ako ng aksiyon upang malutas itong kaso ng E-Verify. Nauunawaan ko na mayroon akong hanggang ____ upang gumawa ng aksiyon.
<input type="checkbox"/>	Hindi ako gagawa ng aksiyon upang malutas itong kaso ng E-Verify. Nauunawaan ko na kung hindi ako gagawa ng aksiyon hindi magagawang kumpirmahin ng E-Verify na awtorisado akong magtrabaho sa Estados Unidos at maaaring tapusin ng aking employer ang aking pagtatrabaho.
Lagda ng Empleyado	Petsa